# PAGTATASA NG IYONG MGA TALENTO AT INTERES

1
ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Oras Ko
- May mga Kasanayan Tayo
- Mga Interes + Mga Kasanayan + Mga Estilo ng Pagkatuto = Mga Karera
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

## MGA LAYUNIN

Matukoy ng mga estudyante ang ugnayan ng kanilang interes at ng paraan kung paano nila ginugugol ang kanilang oras.

Matukoy ng mga estudyante ang mga kasanayan na nauugnay sa kanilang interes.

Matukoy at maikategorya ng mga estudyante ang mga kasanayang personal, pang-karera, at propesyonal.

Magamit ng mga estudyante ang kanilang mga kasanayan at interes para matukoy ang mga opsyon sa karera.

# MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Isang diksyunaryo (Bahagi I at II)
- Isang kopya ng activity sheet na "Aktwal na Oras" para sa bawat estudyante (Dapat sagutan ng mga estudyante ang activity sheet na ito bilang takdang-aralin isang linggo bago ang klaseng ito.) (Bahagi I)
- Isang kopya ng activity sheet na "Tally sa Aktwal na Oras" para sa bawat estudyante (Bahagi I, II, at III)
- Isang kopya ng activity sheet na "Mga Kasanayan" para sa bawat estudyante (Bahagi II at III)
- Isang kopya ng activity sheet na "Tatlong Grupo ng Kasanayan, Maraming Trabaho" para sa bawat estudyante (Bahagi II)
- Ilang pares ng gunting (Bahagi III)

# Panimula

3 Minuto

Pamunuan ang mga estudyante sa mga sumusunod na kalkulasyon:

1. Magsimula sa bilang ng mga oras na nagtrabaho bawat araw sa isang siyam-hanggang-limang oras na trabaho. (8)
2. I-multiply sa 5 (bilang ng araw ng trabaho sa isang linggo.) (40)
3. I-multiply sa 52 (bilang ng araw ng trabaho sa isang taon.) (2,080)
4. I-multiply ang sagot sa ikalawang hakbang sa 2 (dalawang araw na bakasyon sa isang linggo). (80)
5. Ibawas ang ikaapat na hakbang mula sa ikatlong hakbang. (2,000)
6. Bawasan ng 80 (bilang ng federal holiday na naka-multiply sa 8). (1,920)
7. Ibawas ang iyong kasalukuyang edad mula sa 65. (para sa 16 taong gulang: 49)*
8. I-multiply ang sagot sa ikapitong hakbang sa sagot sa ikaanim na hakbang. (94,080)

Sabihin sa mga estudyante ang pinal na sagot ay ang tinatayang bilang ng oras na sila ay magtatrabaho. Malamang na magulat ang mga estudyante sa pinal na bilang. Gabayan ang mga estudyante na makilala na mahalagang magkaroon ng mga trabaho, karera, o propesyon na nasisiyahan sila. Ipaalala sa kanila na napag-isipan na nila ang kanilang mga pangarap at layunin. Sabihin sa kanila na sa aralin ngayong araw, titingnan nila ang kanilang mga interes para makita kung paano ito maisasalin sa mga karera at propesyon.

*Ang ikapitong hakbang ay ipinapalagay na ang mga estudyante ay magtatrabaho ng 40 oras sa isang linggo simula ng kanilang kasalukuyang edad. Maaari mong ayusin ang hakbang na ito depende sa iyong mga estudyante.

# Bahagi I: Oras Ko

5 Minuto

Layunin: Matukoy ng mga estudyante ang ugnayan sa pagitan ng kanilang interes at kung paano nila ginugugol ang kanilang oras.

**1. Mabigyang-kahulugan ng mga estudyante ang "discretionary time."**

Isulat ang salitang “discretion” (“pagpapasya”) sa pisara. Hilingin sa klase na imungkahi ang kahulugan ng salitang ito. Pagkatapos, ipahanap ang depinisyon ng "discretion" sa diksyunaryo. (Ayon sa Merriam-Webster ang depinisyon ng “discretion” (“pagpapasya”) ay “individual choice or judgment” (“sariling pagpili o pagpapasya”).)

Batay sa kahulugang ito, tanungin ang mga estudyante kung ano ang maaaring kahulungan ng "discretionary time." Gabayan sila na malaman na ang discretionary time ay libreng oras para magamit kung saan ito nararapat, para magsagawa ng isang aktibidad ayon sa kanilang personal na interes na nagbibigay kasiyahan sa kanila.

Sabihin sa mga estudyante na ilabas ang activity sheet na “Aktwal na Oras” na kanilang sinagutan noong linggo bago ang klaseng ito. Humiling ng isang boluntaryo para magbahagi kung paano nila ginugugol ang kanilang discretionary time. Isulat sa pisara ang mga tugon ng mga estudyante. Tanungin ang dahilan ng mga estudyante bakit sulit ang kanilang mga aktibidad para sa kanila; isulat ang mga dahilan sa tabi ng mga bagay na nasa listahan.

**2. Makalkula ng mga estudyante kung paano nila ginugugol ang kanilang oras.**

Ipamahagi ang activity sheet na “Tally ng Aktwal na Oras” at ipagamit sa mga estudyante ang impormasyon mula sa kanilang activity sheet na “Aktwal na Oras” para sagutan ang unang kalahati ng activity sheet.

Pagkatapos, sabihin sa mga estudyante na bilugan ang limang aktibidad na pinakanasisiyahan sila at ayusin ang mga ito mula isa hanggang lima, kung saan ang isa ang pinakakasiya-siya at lima ang

hindi gaanong kasiya-siya. Tanungin ang mga estudyante kung bakit sila nasisiyahan sa mga aktibidad na ito. Ipunto sa mga estudyante na madalas na nasisiyahan ang mga tao na gawin ang mga bagay kung saan sila mahusay.

# Bahagi II: May mga Kasanayan Tayo

20 Minuto

Layunin: Mabigyang-kahuluganng mga estudyante ang konsepto ng kasanayan at matukoy ang mga kasanayang may kaugnayan sa kanilang interes.

**1. Mabigyang-kahulugan ng mga estudyante ang salitang "kasanayan."**

Isulat ang salitang "skill" ("kasanayan") sa pisara. Tagubilinan ang klase na pagtalakayan ang depinisyon ng salitang ito. Pagkatapos ay ipabasa sa isang estudyante ang depinisyon mula sa diksyunaryo. (Ayon sa Merriam-Webster ang depenisyon ng “skill” (“kasanayan”) bilang “a developed aptitude or ability” (“isang nabuong kakayahan o abilidad”).)

Piliin ang isa sa mga gawain sa discretionary time na inilista ng mga estudyante kanina. Kunin sa mga estudyante ang mga kasanayan na kailangan para sa aktibidad na ito. Halimbawa, koordinasyon; kakayahang tumalon, kumilos nang mabilis, bumato, sumalo, at magpuntirya at teamwork ay kailangan para maglaro ng basketball.

Ipunto sa mga estudyante na halos lahat ng kanilang mga aktibidad sa discretionary time ay nagpapakita ng mga partikular na kasanayan. Ipaliwanag na ang mga kasanayang dinadala ng mga tao sa isang trabaho ay mga talento, kakayahan, at abilidad na tinataglay nila. Sabihin sa mga estudyante na ang pag-alam sa kanilang mga angking kakayahan, talento, o abilidad—at paano ang mga ito ay naisasalin tungo sa mga trabaho—ay makatutulong sa kanila na tumarget ng mga potensyal na karera at propesyon.

**2. Matukoy ng mga estudyante ang mga kasanayan na mauugnay sa kanilang paboritong aktibidad.**

Hatiin ang klase sa mga grupo na may tatlo hanggang apat na estudyante at ipamahagi ang isang kopya ng activity sheet na “Mga Kasanayan” sa bawat estudyante.

Sabihin sa mga estudyante na tingnan ang kanilang nangungunang limang paboritong aktibidad mula sa activity sheet na “Tally ng Aktwal na Oras” at pumili ng tatlong aktibidad na isinasaalang-alang mo. Atasan silang makipagtulungan sa kanilang mga grupo para matukoy ang mga kailangang kasanayan para maging mahusay sa bawat aktibidad na isinulat nila sa itaas na kalahati ng kanilang activity sheet na “Mga Kasanayan.”

Pagkatapos nito, talakayin ang mga kasanayan na kanilang inilista. Hikayatin ang mga estudyante na may katulad na interes na magdagdag ng mga kasanayang hindi nila naisip. Maglista ng ilang kasanayan sa pisara at tagubilinan ang mga estudyante na magtalakayan ng iba't ibang aktibidad at interes na maaaring gamitin ang mga kasanayang ito.

Sabihin sa mga estudyante na iwang blangko muna ang ibabang kalahati ng activity sheet sa ngayon.

**3. Matuklasan ng mga estudyante ang tatlong grupo ng kasanayan.**

Ipamahagi ang activity sheet na “Tatlong Grupo ng Kasanayan, Maraming Trabaho” sa mga estudyante.

Ipaliwanag sa mga estudyante na karamihan sa mga kasanayan ay maaaring ikategorya sa isa sa tatlong magkakaibang grupo: taong/hayop, bagay, at impormasyon. Bigyang kahulugan ang bawat grupo at talakayin kung kinakailangan. Kumuha ng mga mungkahi mula sa klase para sa pagsagot ng activity sheet at tagubilinan ang mga estudyante na punan ang mga blangko. Maaaring kabilang sa mga tugon ng estudyante ay ang mga sumusunod:

- Mga Tao o Hayop: paglilingkod, pagka-counsel, pagpapayo, pamamahala, pagtatanghal, pagkokonsulta, pangungumbinsi, pangkikipag-komunikasyon, pangangasiwa, pakikipagnegosasyon
- Mga Bagay: pag-aayos, pagpapaandar ng kagamitan, kakayahang pisikal/atletiko, paghawak ng mga bagay, pagtatrabaho sa kapaligiran
- Impormasyon: pagpaplano, pagbubuo, paglikha, pagpapahusay, pagdidisenyo, pag-oorganisa, pananaliksik, paglalarawan, pag-aangkop, pagtatasa, pagkukuwenta, pag-oobserba

Sabihin sa mga estudyante na magtalakayan ng mga okupasyon o karera para sa bawat grupo ng kasanayan.

Tagubilinan ang mga grupo na ibahagi sa klase ang kanilang listahan ng trabaho.

**4. Matukoy at matasa ng mga estudyante ang kanilang mga kasanayan sa usapin ng tatlong grupo ng kasanayan.**

Banggitin sa mga estudyante ang ibabang kalahati ng activity sheet na "Mga Kasanayan." Ipaliwanag na sasagutan na nila ang activity sheet na ito sa pamamagitan ng pagkakategorya ng mga kasanayan na inilista nila sa tatlong kolum. Ipalista sa kanila ang bawat kasanayan sa ilalim ng naaangkop na kategorya.

Kapag natapos ng sumagot ang mga estudyante, ipabilang sa kanila ang mga kasanayan sa bawat grupo. Hilingin sa mga estudyante na ibahagi ano ang kanilang naiisip sa ipinapakita tungkol sa kanilang interes.

Ipunto sa mga estudyante na kadalasan ang propesyon na magiging pinakainteresado sila ay ang pinakamahusay nilang magagawa. Ipaalala sa kanila ang kalkulasyon na kanilang ginawa sa panimula at imungkahi na ang kanilang propesyon ay dapat ang isang bagay na labis na interesado sila.

# Bahagi III: Mga Interes + Mga Kasanayan + Mga Estilo ng Pagkatuto = Mga Karera

30 Minuto

Layunin: Maikonekta ng mga estudyante ang estilo ng pagkatuto sa tatlong pangunahong grupo ng kasanayan.

**1. Mabalik-aralan ng mga estudyante ang iba't ibang estilo ng pagkatuto.**

Hilingin sa mga estudyante na alalahanin ang mga aktibidad sa estilo ng pagkatuto na kanilang ginawa sa *Module Anim: Mga Kasanayan para sa Loob at Labas ng Paaralan*. Kunin sa klase ang sumusunod na listahan ng estilo ng pagkatuto at isulat ito sa pisara: atletiko/katawan, musikal, biswal/espasyo, matematika/lohikal, berbal/linggwistika, panlipunan/interpersonal, at intrapersonal.

**2. Masuri ng mga estudyante ang mga kategorya ng interes sa usapin ng kategorya ng estilo ng pagkatuto.**

Hatiin ang klase sa grupo na may tigtatlo hanggang tiglimang estudyante at mamahagi ng gunting. Ipagupit sa mga estudyante ang mga label ng estilo ng pagkatuto sa ibaba ng kanilang activity sheet na “Tally ng Aktwal na Oras” mula Bahagi II. Pagkatapos ay tagubilinan silang pagtugmain ang mga estilo ng pagkatuto sa mga grupo ng kasanayan sa activity sheet na “Mga Kasanayan.” Sabihin sa kanila na maaaring naaangkop sa higit sa isang estilo ng pagkatuto ang bawat grupo ng kasanayan.

Pagkatapos sumagot ng mga estudyante, tagubilinan ang mga grupo na ibahagi ang kanilang resulta.

**3. Matasa ng mga estudyante ang kanilang mga personal na datos.**

Sabihin sa mga estudyante na ngayon ay pagsasama-samahin ng mga estudyante ang kanilang mga interes, estilo ng pagkatuto, at grupo ng kasanayan. Sabihin sa mga estudyante na kani-kaniya nilang kumpletuhin ang mga sumusunod na pangungusap:

- Ang paboritong aktibidad ko ay ______.
- Ang estilo ng pagkatuto ko ay _____.
- Ang aking nais na kategorya ng kasanayan sa karera ay _______.

Tagubilinan ang mga estudyante na isaalang-alang kung ang mga kategorya ay nagkokomplementaryo o nagsasalungatan at kung ang kanilang estilo ng pagkatuto ay akma sa kanilang nais na aktibidad at kategorya ng karera. Talakayin kung ano ang kanilang mahihinuha kung ang tatlong sagot ay nagkokomplementaryo sa bawat isa at ano ang kanilang mahihinuha kung ito ay nagsasalungatan.

# Konklusyon

2 Minuto

Hilingin sa mga estudyante na ibuod kung bakit mahalaga na tasahin ang ating mga talento at interes. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Ang pagtatrabaho ay isang malaking bahagi ng ating mga buhay bilang nasa hustong gulang, kung kaya, mahalagang pumili ng isang karera o propesyon na nasisiyahan tayo.
- Ang ating mga interes, libangan, at paboritong aktibidad ay may kaugnay na mga kasanayan na maaaring magamit sa ating mga trabaho o karera.
- Ang pagtukoy sa ating mga interes, kasanayan, at estilo ng pagkatuto ay nagbibigay sa atin ng importanteng impormasyon tungkol sa mga uri ng trabaho o karera na dapat nating tuklasin.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Ilista ang isa sa iyong mga paboritong aktibidad pagkatapos ng klase at mga kasanayan na ginagamit mo para rito.
2. Paano umaakma ang iyong estilo ng pagkatuto sa iyong mga kasanayan at interes?
3. Paanong ang pag-alam sa iyong mga kasanayan, interes, at estilo ng pagkatuto ay makakatulong sa iyo sa hinaharap?

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Hindi ako nagtrabaho ni isang araw sa aking buhay. Puro kasiyahan lang.”

Tagubilinan ang mga estudyante na basahin at bigyang-kahulugan ang siping ito. Ipatalakay sa kanila ang mga karera na magiging “kasiyahan lang.”

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Tagubilinan ang mga estudyante na gumawa ng flowchart na nagpapakita ng progreso ng mga kalakasan at interes tungo sa mga karera.

Tagubilinan mga estudyante na ibahagi sa klase ang kanilang mga chart o isabit ito sa pader.

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Ipasulat sa mga estudyante bakit mahalagang pumili ng isang karera ayon sa kanilang mga talento at interes.

Tagubilinan ang mga estudyante na talakayin ang mga karera na alam nilang hindi sila interesadong gawin.

# PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Papiliin ang mga estudyante ng karerang interesado sila at itugma ang kanilang mga kasanayan. Hilingin sa mga estudyante mag-access at mag-lista ng mga website na maaaring magamit bilang resource ng mga tao sa mga karerang ito.

Tagubilinan ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang listahan sa klase. Gumawa ng isang "master list" ng mga resource na website para magamit ng mga estudyante.

# TAKDANG-ARALIN

Tagubilinan ang mga estudyante na ilista ang kanilang mga interes at talento. Tagubilinan silang tumingin ng isang college catalog at pumili ng tatlong klase na tugma sa kanilang inilistang talento at kasanayan.

Tagubilinan ang mga estudyante na magsulat ng ilang talata na naglalarawan kung paano magkaugnay ang mga klaseng ito sa kanilang kasanayan/interes.

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Tagubilinan ang mga estudyante na suriin ang listahan ng 18 kakaibang trabaho mula sa *The Book of Lists* nina David Wallechinsky at Amy Wallace.

Ipakategorya sa mga estudyante ang bawat trabaho ayon sa mga kategorya na ipinakita sa araling ito.